Binigyan ako ng limang hindi binigyan ng mga ito ang isa man bago ko

Ayon kay Jābir bin `Abdillāh (malugod si Allāh sa kanila): {Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: "Binigyan ako ng limang hindi binigyan ng mga ito ang isa man bago ko: iniadya ako sa pamamagitan ng pagkasindak [ng mga kaaway] sa layo ng paglalakbay ng isang buwan, ginawa para sa akin ang lupa bilang mapagpapatirapaan at bilang pandalisay kaya ang alinmang lalaki kabilang sa Kalipunan ko na inabutan ng ṣalāh ay magdasal siya, ipinahintulot sa akin ang mga samsam samantalang hindi ito ipinahintulot sa isa man bago ko, binigyan ako ng Pamamagitan, at ang propeta ay ipinapadala sa kalipunan niya sa partikular samantalang ipinadala ako sa mga tao sa kalahatan."}

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na si Allāh ay nagbigay sa kanya ng limang kakanyahan na hindi binigyan ng mga ito ang isa sa mga propeta bago niya [ayon sa pagkasabi niya]: 1. Iniadya ako sa pamamagitan ng pagkasindak na ipinupukol sa mga puso ng mga kaaway ko kahit pa man sa pagitan ko at nila ay may layo ng paglalakbay ng isang buwan. 2. Ginawa para sa atin ang lupa bilang mapagpapatirapaang mapagdadasalan natin naging saan man tayo at bilang pandalisay sa pamamagitan ng alikabok sa sandali ng kawalang-kakayahan sa pagkakaroon ng tubig. 3. Ipinahintulot sa atin ang mga samsam sa digmaan: ang nakukuha ng mga Muslim sa digmaan nila sa mga tagatangging sumampalataya. 4. Binigyan ako ng pinakadakilang Pamamagitan alang-alang sa pagbibigay-kapahingahan sa mga tao mula sa hilakbot sa Tindigan sa Araw ng Pagbangon. 5. Isinugo ako sa nilikha sa kabuuan: sa tao nila at jinn nila, na kasalungatan sa mga propeta bago ko sapagkat sila noon ay ipinapadala sa mga tao nila lamang.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/3503